

Unang Markahan Baitang 9

Supplemental Lesson Plan 1

Mga Akdang Pampanitikan ng Timog Silangang Asya

Aralin 1 – Maikling Kuwento (Vietnam)
Dalawang Paso ng Orchids ni Phan Du/Salin ni
Buenaventura S. Medina, Jr.

A. PANIMULA

Sasabihin sa klase na umisip ng isang bulaklak at ikumpara ang kanilang sarili dito. Ilarawan ang bulaklak batay sa katangian nito at ihambing sa sarili.



B. KATAWAN

1. Kasanayang Pampanitikan

Tatalakayin ang bahagi ng kasanayang pampanitikan sa klase.

Pamantayang Pangnilalaman:

Ang mag-aaral ay nagpapamalas ng pag-unawa at pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan ng Timog Silangang Asya.

Pamantayan sa Pagganap:

Ang mag-aaral ay nakapagsusuri ang maikling kuwento batay sa paksa, tauhan, pangyayari, at estilo ng pagsulat.

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Nasusuri ang mga pangyayari at ang kaugnayan nito sa kasalukuyang lipunang Asyano batay sa napakinggang akda
2. Nabubuo ang sariling paghatol o pagmamatuwid sa mga ideyang nakapaloob sa akda

MAIKLING KWENTO

Ang maikling kuwento ay tinatawag ding maikling katha. Ito ay nagtataglay ng sumusunod na mga elemento:

Tauhan – ang mga karakter na gumaganap sa kuwento

Tagpuan – nakasaad ang lugar na pinangyayarihan ng mga aksyon o mga insidente, gayundin ang panahon kung kailan naganap ang kuwento

Paksang Diwa – pinaka kaluluwa ng maikling kuwento

Kaisipan – mensahe ng kuwento

Suliranin – ang kadalasang pinagmumulan ng paksa ng kuwento na kailangang lutasin

Banghay – ang mga pangyayari sa kuwento. Dito nakapaloob ang sumusunod:

Panimula – dito nakasalalay ang kawilihan ng mga mambabasa; dito rin kadalasang pinapakilala ang iba sa mga tauhan ng kuwento

Saglit na Kasiglahan – naglalahad ng panandaliang pagtatagpo ng mga tauhang masasangkot sa suliranin

Suliranin – problemang haharapin ng tauhan

Tunggalian – may apat na uri: tao laban sa tao, tao laban sa sarili, tao laban sa lipunan, tao laban sa kapaligiran o kalikasan

Kasukdulan – makakamtan ng pangunahing tauhan ang katuparan o kasawian ng kanyang ipinaglalaman

Kakalasan – tulay sa wakas

Wakas – ang resolusyon o ang kahihinatnan ng kuwento

3. Nabibigyang kahulugan ang mahirap na salitang ginamit sa akda batay sa denotatibo at konotatibong kahulugan
4. Naihahambing ang ilang piling pangyayari sa napanood na telenobela sa ilang piling kaganapan sa lipunang Asyano sa kasalukuyan
5. Nakapagsunod-sunod ng mga pangyayari
6. Nagagamit ang mga pang-ugnay na hudyat ng pagsunod-sunod ng mga pangyayari

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

2

Log on to www.rexinteractive.com

Unang Pagbasa (Pangkat):

Ipapabasa ang kuwento sa klase nang tahimik.

Dalawang Paso ng Orchids

ni Phan Du

Salin ni Buenaventura S. Medina Jr.

Kahit ngayon, basta makakita ako ng mga bulaklak sa malalaking pasong iyon, o kapag napag-uusapan ang bulaklak at ang paraan para mag-enjoy sila, hindi malayong maisip ko ang isang lalaking may edad, ang scholar na si Nguyen. Pinakamatalik na kaibigan siya ng aking tatay. Pero ang ganyang pagkakaibigan nila'y nitong huli ko na lang napag-isipan, nang mag-mature ako at masanay nang makita ko kung ano ang nasa ilalim ng mga bagay-bagay, nasa ibang salita, ngayon ko lang talaga naintindihan nang husto ang pagiging matalik nilang magkaibigan.

Pagkat noon, hindi ko talaga nakita isang beses man lang ang matandang scholar na kasama ng mga importanteng tao na pumaparoon sa malalaking handaan sa bahay ng tatay ko. At bihira naman siyang dumalaw sa amin sa palasyo.

Pero may isang bagay akong napansin sa paraan ng pagtanggap ng mga magulang ko sa matandang scholar. Simple lang ang pagtanggap na iyon, walang sere-seremonya, at ibang-iba sa ginagawa para sa mga bisitang matataas ang ranggo. Pero sa kasimplehang ito ay may katangiang nagpakilala ng isang naiibang pagpapahalaga at matinding respeto sa nakatatanda.

Tuwing makikita ng tatay ko na dumarating na ang matandang scholar, siya na mismo ang maghahanda ng tsaa, ng insenso, ng chessboard, ng brush, at ng lagayan ng tinta. Bukod doon, ihahanda ng tatay ko para sa okasyong iyon ang pinakamasarap na tsaa, at ang pinakamabango. At ang dalawang matandang lalaki'y maglalaro ng chess, iinom ng rice brandy, at mag-recite ng mga tula o kaya'y magdidiskusyon sa gitna ng halimuyak ng mabangong santal. Ang ilang laro nila'y tumatagal nang buong umaga, o kaya'y maghapon, pero hindi pa rin nga malaman kung sino ang nanalo sa dalawang naglalaro.

Binibisita naman ng tatay ko ang matandang scholar nang minsan, tuwing dalawa o tatlong buwan. Pero basta may masarap na tsaa o mataas na klaseng cinnamon ang tatay ko, ipinadadala niya sa kapatid ko o sa akin o kaya ang mga regalong ito sa matandang scholar. Hindi niya kailanman inutusan ang isang alila para magdala niyon.

Sa ganyang paraan, dumami tuloy ang pagkakataong makapunta ako sa tinitirhan ng matandang scholar. Sa mga okasyong ito ko simulang naintindihan ang mataas na klaseng paghihirap ng matanda at ang karangalan ng kaniyang kalooban. Ang bahay niya'y isang kubong pawid na itinayo sa gitna ng isang hardin na hindi naman kalakihan, na matatagpuan doon sa gitna ng lugar ng mahihirap. Pero nag-iwan iyon sa kaluluwa ko ng maraming magaganda't matutulaing alaala dala na rin pati ng hardin.

Ang hardin ng matandang scholar ay hardin ng mga bulaklak. Sa pagpasok pa lang sa pinto, naramdaman kong nakapasok ako sa isang forest ng mga punong

namumulaklak nang husto. Lalong kumislap ang buong hardin hindi lang sa sikat ng araw kundi dahil sa mga petal ng bulaklak na iba-iba ang kulay. Isang mundong tahimik iyon, masyadong iba sa napakaingay na mundo sa labas.

Mas madalas kong nakikita ang matandang scholar sa hardin kaysa sa kanyang bahay. At hindi ko kailanman malilimot ang image ng matandang lalaking ito, putingputi ang buhok at ang balbas, pero parang hari dahil sa kaniyang mataas na noo, sa kaniyang maamong mata sa likod ng salaming may silver frame, sa kaniyang mataas at slim na katawang nababalutan ng barong brown na suot niya sa bawat okasyon; sa gitna ng hardin, nakatayo sa tabi ng kaniyang apong babae at nakangiti pagkakita sa akin. Ang image na ito, kahit ngayon, para sa akin ang simbolo ng isang buhay na lagi nang malinis, marangal, at palaisip. Nagbabalik iyon sa isip o sa mga sandaling ang di makontrol na agos ng pagnanasa ay pilit na sumisira sa anumang paniwala sa marangal na kabuluhan ng buhay.

Namumuhay sa ganitong katahimikan ang matandang scholar, kasama ang kaniyang apong babae at ang isang matandang utusan. Ang totoo, mas madalas siyang kasama ng kaniyang mga bulaklak. Pagkat gustung-gusto niyang asikasuhin iyon, alagaan iyon; ang sundan ang buhay niyon ang pinakamalalaki niyang katuwaan, bukod sa pagtula-tula at sa pagbabasa ng mga libro.

Noong una, palagay ko'y napaka-common ng ganitong katuwaan. Pagkat ang mag-alaga ng mga halamang namumulaklak sa malalaking paso ay karaniwan lang para sa mga lalaki sa lugar na ito. Isang katuwaan na sa edad na 16 ay nadiskubre kong masyadong complicated at boring pa nga. At saka, dahil nga sa tradisyonal na pag-uugali ng scholar, wala man lang maaaring ikapagkapareho kami ng matandang ginoo. Kaya noong una, ang pumunta sa bahay niya'y isang trabahong hindi ko ikinasiya. Pero dahil nga sa maraming beses ko siyang pinupuntahan, sa huli, nakita ko rin sa tradisyonal na scholar na ito ang isang napakabatang kaluluwa, ang isang simple't masayahing puso. Habang madalas kong napupuntahan ang kanyang lugar, lalo namang lumalaki ang respeto at pagtingin ko sa kanya at ang dating pagkatakot ko'y nawala. Ang tingin sa akin ng matandang scholar ay parang kapamilya na rin, gaya ni Boi-Lan, ang kaniyang apong babae.

Mas naaakit ako ng hardin ng mga bulaklak kaysa alin pa man. Talagang tuwang-tuwa ako sa pagsunud-sunod sa matandang scholar sa kaniyang hardin, tinutulungan ko siya sa pagdidilig ng halaman, pag-aalis ng mga caterpillar, paglalagay ng tukod at paggawa ng libu-libo pang ibang maliliit na bagay. Sa mga paglalakad na ito, nakikipagkuwentuhan ang matandang scholar sa amin ni Boi-Lan nang para kaming may edad na rin. Magsasalita siya tungkol sa mga bulaklak, sa mga katangian ng bawat isang klase, at magsasabi ng nakatutuwang bagay tungkol doon. Sa mga pagkukuwentong ito na ginawa sa gitna ng mga bulaklak – mga pagsasalitang hindi ko lagi nang naiintindihang buo, dito ko nagawang makilala na ang katuwaan ng matandang scholar sa pag-aalaga ng mga bulaklak ay isang bagay na napakataas at masyadong pambihira. Hindi iyon kasiyahan para lang sa sarili. Nang matagal na, matapos ang isang pangyayaring may kinalaman sa kinauwian ng ilang paso ng mahal na bulaklak sa harding ito, saka ko naisip na para sa matandang scholar na ito ang pag-aalagang ito ay nagawa niyang maging isang uri ng relihiyon, ang relihiyon ng mga

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!

4

Log on to www.rexinteractive.com

bulaklak. Natatandaan ko isang araw, na samantalang naglilipat ng krisantemo sa isang basket ang matandang scholar, sabi niya sa akin:

“Kaya kailangang maglipat ako, kung hindi mababalik ang mga halamang ito sa buhay sa kuweba.”

“Sir, ano po’ng ibig sabihin ng buhay sa kuweba?” Ang tanong na ito, na napakasimple para doon sa sanay na sa pag-aalaga ng halaman, ay nakapagpatawa sa charming na si Boi-Lan.

Sagot ng matanda:

“Ang kahulugan ng pagbabalik ng halaman sa buhay sa kuweba ay ang mawalan ng lahat ng dahon. Kahit na punung-puno ng bulaklak at buko ang isang halaman, pag nagbalik iyon sa buhay sa kuweba, wala na iyong halaga. Sa pag-aalaga ng krisantemo, isang malaking kasalanan ito. Pero hindi huhusto kung basta papalitan ang basket o kaya magdaragdag ng bagong lupa. Malaki ang kinalaman ng uri ng lupa, ng abonong ilalagay, at ng paraan ng paglalagay niyon sa halaman.” Mahinang sabi sa matandang scholar ni Boi-Lan, habang nakayukong naglalagay ng lupa sa isang basket:

“Ang importante’y marami ang bulaklak; kahit na magbalik sa buhay sa kuweba ang halaman, hindi naman masyadong importante ito. Napakahigpit mo naman, Lolo, mahihirapang bumili ng kahit isang paso ng bulaklak sa iyo.” Sabi ng matandang scholar na nakangiti sa apo.

“Oo. Kaya nga hindi ako bumibili ng bulaklak at ayoko rin namang magbili ng bulaklak. Ang isang paso ng bulaklak na ikaw na mismo ang nag-aalaga ay hindi pwedeng mabigyan ng presyo. Ang mayayamang gamit ay pera para bumili ng bulaklak ay hindi naman laging natututong matuwa doon. Pagkat ang katuwaan ay wala sa pagkagusto sa kulay niyon o sa bango kaya kundi sa pag-aalaga doon para lumago. Ang isang bukong bumukadkad, ang isang dahong bumuka, ang bagay na ito ay husto na para masiyahan ang mga mata at siguro ang mga kasiyahanang ito ay mas nakatutuwa kaysa pag-isipan ang mga bulaklak. Pagkat sila’y mga gawa ng Diyos na delikado’t proud din naman! Hindi naman nila hinihingi ang ating kayamanan kundi ang ating pagmamahal. Ang mga naguukol lang ng panahon sa kanila, nag-aalaga sa kanila nang buong puso, ang talagang maka-e-enjoy ng ganda nila, ng kagandahan nilang natatago sa kanilang kaluluwa. Pagkat ang mga bulaklak ay may kaluluwa; walang magsasabing hindi tama iyan. Pero hindi makikita ng tao ang kaluluwang iyan habang gumagasta sila ng pera para bumili niyon.”

Sa pagmamahal na ibinibigay ng matandang scholar sa kaniyang bulaklak, pihong iilan lang ang makapantay doon. Sa mga bulaklak, mas gusto niya ang orchids, at sa mga orchids, ang pinakagusto niya ay ang klaseng “pusong walang dumi.” Si Boi-Lan ang nagsabi niyon sa akin. At nagkuwento siya nang buong detalyado tungkol sa mamahaling orchids ng matandang scholar.

“Medyo kakaiba ang Lolo. Mas mahal niya ang kaniyang orchids kaysa sa akin. Puwersado akong alagaan iyon nang higit pa sa maliliit na bata. Pag didiligan iyon, gusto niyang idilig ko doon ay tubig na ipinanghilamos ko. Tuwing umaga, kailangang hugasan ko iyon, bawat isang dahon, at talaga naman, para gumanda nang husto ang orchids kailangan nito ang malaking pagmamahal.”

Nagulat ako. "Bakit kailangan pang ipandilig diyan, e, ipinanghilamos mo ng iyong mukha?"

"Sabi ng Lolo na ang orchids ay parang babae at dalaginding. Sabi rin niya na magagandang nilikha ang orchids, pero tahimik at magagandang nilikha. Ano ba ang kahulugan ng magagandang nilikha?"

At tinutukso ko siya: "Ang isang magandang nilikha ay isang magandang babae, isang magandang kabataang babae na gaya mo, halimbawa. At tahimik iyong hindi madaldal. Palagay ko iyan ang gusto niyang sabihin..." Biglang napatawa nang malakas si Boi-Lan.

Natandaan ko pang sinabi iyon nang buong kainonsentehan ng isang bata, nang walang naiisip na may iba pang maibibigay na kahulugan. Noon, palagay ko ba'y kasingganda ni Boi-Lan ang agagandang bulaklak doon sa hardin. Kapag kasama ko siya, pakiramdam ko ba kasama ko ang matatalik kong kaibigan. Iyon ay isang bagay na naintindihan ko nang tumagal na lamang nang magmature na ako at mapag-isipan at ma-analyze ang mga di-maintindihang nakatago sa mga masasaya at malulungkot na dapat tandaan sa mga nagdaang araw. Noon ako umpisang nagkainteres sa mga mahal na orchids, buhat nang matutuhan ko ang istorya ng halamang iyon, at nang malaman kong si Boi-Lan mismo ang nag-aalaga ng mga iyon. At lalo na nang malaman kong napaliliguan iyon ng tubig na ipinanghilamos ni Boi-Lan. Nakadiskubre ako ng tulain sa sining ng pag-aalaga ng mga bulaklak at mas nabigyan ko ng halaga ang orchids nang ibalita ni Boi-Lan sa akin kung ano ang napag-usapan ng matandang scholar at ng isang mamang dumating para mamili ng mga bulaklak na ito:

"Nag-alok siya ng isang bunton ng mga piaster para sa dalawang paso ng orchids na pusong walang dumi. Pero hindi pumayag ang Lolo na ipagbili iyon. Bukod dito, nakakita siya ng magandang dahilan para mapaalis ang bumibili."

Isang bunton ng mga piaster para sa dalawang paso ng orchids! Hindi ako halos makapaniwala. Noon ang isang piaster ay nakabibili na ng sandaang takal ng bigas, May taong kayang bumayad ng isang bunton ng piaster para sa dalawang paso ng orchids. Talaga sigurong mataos magmahal ng mga orchids ang mamimiling ito. Nang makitang nagulat ako, ang matandang utusan na nag-aalaga ng hardin ay tumigil sa pag-aasarol at nagbuntong hininga.

"Isang bunton ng piaster a, walang kwenta 'yan. Pwedeng bumayad iyon ng higit pa, basta makuha lang niya ang orchids. Hindi sa gusto niya ang mga bulaklak na iyon, pero gusto lang niyang makilala na siya ang taong nakabili ng orchids ng harding ito, at para nga masiyahan ang kanyang protector. Ang anak niya, sa palagay ko ay lihim na nasa cabinet ng Gobernador o sa cabinet ng Alkalde. Pero talagang loko lang niya para alukin ang matandang maestro na bilhin ang mga bulaklak nito. Kung nahingi lang niya iyon, baka nakapag-asa pa siyang bibigyan ng matandang maestro ng mga orchids na ito nang libre. Kalokohan iyong mag-alok ng pera sa matandang maestro. Pinakamagandang paraan iyan para siya tanggihan nito. Mabuti na lang at nataon iyon nang wala nang maiinom ang matandang scholar! Kung nagkataon, baka nakatikim siya ng hambalos ng baston niyon, na nakapagpabukas ng kanyang mga mata!"

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!

6

Log on to www.rexinteractive.com

Tumindi pa ang respeto ko sa matandang scholar nang marinig ko ang kuwentong ito. Umpisa ko nang maintindihan kung bakit napakalaki ng respeto ng tatay ko sa matandang scholar, at kung bakit, sa relasyon nilang dalawa, kinalimutan na niya ang anumang seremonya na karaniwang ginagawa sa mundo ng mga mandarin. Pagtinatanggap niya ang matandang scholar o pag binisita niya ang tahanan nito parang ibang tao na ang tatay ko. Wala nang natira sa dakilang mandarin na siya nga. At mas maligaya siya, sa bahay, kapag kasama ng matandang scholar kaysa sa kung sinong iba pa. Iyan ang talagang naka-impres na mabuti sa akin.

Habang lumalaki ang respeto ko sa matandang scholar, lumalaki rin ang pagtingin ko sa mga paso ng orchids. Ibinigay namin ni Boi-Lan ang lalong malaking pagtingin sa mga orchids, na siya namang ikinalapit namin nang mabuti sa isa't isa. Magkatulong naming inaalas ang mga caterpillar, hinuhugasan ang mga dahon, dinidiligan ang mga halaman, at nagtatayo ng mga tukod sa mga paso. Natatandaan kong nabuo sa isip ko, habang nakatingin sa basa't kumikinang na mga dahon ng orchids, ang isang inosente't delicate na mukha, nakukuwadruhan ng maitim na buhok kung kaya lalong kuminang ang kaniyang complexion. At sa magandang mukhang ito, dalawang matang malakalapati ang kumikinang sa liwanag na kumikislap sa mga tulo ng tubig na nakabitin sa dulo ng dahon, kumikinang sa araw sa umaga. Halos makita ko ngayon gaya rin noon ang dalawang maninipis na labi, madalas na pinagdikit na mabuti, na parang nag-iiwan ng isang ngiti. At ang mga labing iyon ang nagsabi sa akin sa pagitan ng mga dahon ng orchids.

"Pinakagusto ng Lolo ang dalawang orchids na 'pusong walang dumi' na ito pagkat namumulaklak ito nang tamang-tama sa Tet Saka niya ipahahanda ang sumisibol na barley sugar, na amoy-orchids sa magdamag, para isabay sa pag-inom ng rice brandy. At bibigyan kami ng Lolo ng gantimpala para sa ginagawa naming pag-aalaga. Isang buwan pa, at magiging napakaganda niyon, mas maganda pa sa orchid na 'white Jade'"

At titingnan ng mga matang iyon na parang sa kalapati ang mga dahon ng orchids nang may pagmamahal na paminsan-minsan ko ring nahuhuli sa mga mata ng matandang scholar kapag iniinom niya ang mabangong tsa sa lilim ng balag ng gumagapang na halamang Ivy sa bakuran sa likuran, habang nakatingin sa bagong bumubukadkad na bulaklak.

Matao ang kabisera pag nalalapit na ang Tet. Lilimang araw na lamang ang natitira at hindi pa alagang tumitigil ang pag-ulan. Pero ang kalungkutan ng langit at lupa ay parang pinaunti ng delikado't kumikinang na kaberdehan ng mga dahon, gayundin ang kasiglahan sa mga daan, punung-puno ng kulay ng spring.

Pumunta ako sa bahay ng matandang scholar nang maggagabi na. Nakita ko ang dalawang paso ng orchids na ang paglaki'y sinusubaybayan namin ni Boi-Lan arawaraw. Walang anumang pagbabago, gaano man kaliit ang nakaligtas sa amin. Kung wala ako sa isang araw, kinabukasan pagbabalik ko, nagkuwento si Boi-Lan nang buong detalyado sa akin ng lahat ng pagbabago sa mga halaman ito. At ang matandang scholar ay makikinig nang walang kibo, buong pagmamahal na nakangiti nang gaya ng isang mapagpalayaw na lolong nag-iispoil ng kanyang apo.

Ngayon naman, makaraan ang dalawang araw na pag-aabsent ko, napipiho kong napakaraming sasabihin sa akin si Boi-Lan – ang mga namumuong bagong buko, ang kabubukang dahon o natutuyo kaya, paglipad-lipad ng iba-ibang paruparo na nagsusuri sa mga bulaklak, at ang iba pang maraming bagong napakaliit, napaka-original, napakapoetic. Pumasok ako sa gate, natutuwang pumipintig ang puso ko dahil sa nalalapit na Tet, at dahil sa maraming bagay na irereport sa akin ni Boi-Lan.

Pero halos hindi pa ako nakapapasok ng courtyard nang tumigil ako, gulat na gulat. Sa bukana nakasandig sa isang poste, dumungaw si Boi-Lan na malungkot ang mukha. Hindi ko pa nakikitang ganoong kaputla ang mukha niya kundi noon lamang. Ipinaalala sa akin niyon ang bulaklak ng gumamela na bugbog sa sikat ng araw sa katanghalian.

Bigla kong nasabi:

“Boi-Lan! Anong problema? Ano’ng nangyari?” Bumaba ng hagdanan si Boi-Lan, at malungkot na sumagot habang nakahilig sa puno ng mansanas:

“Ipinagbili ng Lolo ang ...”

“Ang ano?”

Mabilis na kumurap ang mata ni Boi-Lan. Nakita kong ibig niyang umiyak. Inulit ko:

“Ipinagbili ng Lolo ang ano?”

“Ang dalawang paso ng orchids.”

Gulat, nasabi ko: “Hindi totoo’yan. Nahihilo ka lang o kaya’y binibiro ka lang ni Lolo. Hindi niya kailanman ipinagbibili ang mga orchids na ito. Kung gusto niyang ipagbili iyon, ginawa na sana niya iyon noon pang isang araw. Pero bakit n’ya ipinagbibili iyon?”

Umiling si Boi-Lan.

“Oo. Ipinagbili niya iyon sa mamang naparito noon isang araw. Kung ayaw mong maniwala, punta ka sa likuran at malalaman mo.”

Mabilis akong pumunta sa bakuran sa likuran. Kahit na nga serious ang pagsasabi ni Boi-Lan, hindi ako makapaniwala sa isang napakaimposibleng bagay na iyon pagkat naiintindihan ko ang ugali ng matandang scholar at ang pagmamahal niya sa mga bulaklak na iyon. Kahit na malaki ang kagustuhan niyang magkapera, balewala pa rin ito sa pride ng isang taong malaki ang pagtingin sa buhay na espirituwal. Para sa matandang scholar, ang magbili ng bulaklak ay nakahihiya gaya rin naman para sa sinuman na ang pag-aalaga ng mga bulaklak ay halos isa ng relihiyon. At ang mga bulaklak na ito ang pinakamaganda sa kaniyang hardin. Malaki nang atensiyon ang ibinibigay ng maglolo sa pag-aalaga sa mga iyon para sa Tet. Naisalin ng Lolo ang parte ng kaniyang kaluluwa sa mga bulaklak at minahal niya ito nang parang isang inang nagmamahal sa kanyang mga anak.

Bukod doon, kahit na nga mahirap, salamat sa pagtitipid at sa pag-aayos na nagawa ng matandang scholar sa mga gastos sa bahay, hindi siya kinukulang sa mga talagang unang kailangan puwera na lang kung magkaroon ng emergency. Pero sa

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!

Log on to www.rexinteractive.com

loob ng maraming buwan, wala namang kasamaang-palad ang inaabot ng pamilya ng matandang scholar. Akala ko'y nagkamali lang sa pag-intindi si Boi-Lan, o kaya'y binibiro nga ng matandang scholar ang kaniyang apo. Pero nang pumunta ako sa bakuran sa likuran, lalo akong naguluhan nang marinig ko ang usapan ng matandang scholar at ang isang di-kilalang tao. Itong huli'y maaaring mga singkuwenta anyos at dahil sa flat ang mukha, nagparang isang baboy siya. Nakabalot siya sa damit na satin na napakasikip para sa kaniya, ang mga pinagtahian ay mukhang anumang oras ay bubuka. Malaki ang tiyan niya na bagay sa kaniyang makapal na mukha at ang gilid ng mga mata ay malangis.

Huminga siya nang malalim at nagsalita:

"Sir, kung ipinagbili ninyo iyan sa akin noon huling tumawad ako, mabuti sana ang nangyari. Nasa inyo na sana ang pera, at ako... ang sadya ko'y tapos na sana. Pero ngayon po, hindi po mauulit ang alok ko noong isang araw."

Napakunot ang noo ng matandang scholar.

"Ngayon, ano'ng pwede mong ibayad?"

"Sir, ang totoo po, kung ipinagbibili ninyo iyan nang mura... mapipilitan po lang akong bilhin iyan. Kung iyong dating presyo pa po, iiwan ko na lang po sa inyo."

Matapos magsalita, natawa ang taong di-kilala, kaya nakita ang dalawang hanay ng mga ngiping hindi pantay-pantay at panay ginto. Ang kaniyang hitsura, ang kaniyang pagsasalita ang ikinagalit ko sa kaniya. Alam kong "Opo" siya nang "Opo" madalas dahil ugali na, sa mga taong iyon na pumapasok sa bakuran ng mga dakilang tao sa likuran at talagang wala naman siyang respeto sa matandang scholar. Sa mukha ng lalaking iyon nakita ko ang kasiyahan at kahit ng nga bata, naramdaman kong nagsasabi siya ng matamis-maasim na kung anu-ano sa matandang scholar para mapagtakpan ang katotohanang itinaboy siya sa bahay noong isang araw. Natatakot akong baka magalit ang matandang scholar. Pero maganda pa rin ang pakiharap ng matanda. Nakita kong kinagat niya ang labi sa baba at saka mabagal na sumagot:

"Sabihin mo na ang tawad na gusto mo. Ipinagbibili ko sa iyo."

Itinaas ng lalaki ang mukha niya at idinilat ang singkit niyang mata at tiningnan ang matandang scholar.

"Opo, opo, sir... Baka makabubuting i-fix price n'yo na. Masyadong delikado ho para sa akin 'yan."

Nilaro ng matandang scholar ang kanyang balbas, tiningnan ang dalawang paso ng orchids at nagsabi:

"Ibababa ko ng limang piaster ang presyo. Mababa na iyon. Pero may dapat pa akong gawin agad, at kailangan ko... kung hindi..."

Tumawa muli ang bumibili, kaya nakita ang lahat ng kanyang ngipin.

"Opo, iyan na nga ho... Ang tao nga namang katulad ninyo, na masyadong mahal ang bulaklak, ay hindi kailanman nag-iisip na magbili niyan. Aba, opo, tama lang

maganda nga po para sa akin na may gagawin pa kayo agad-agad. Kaya nga po ba sir, karangalan ko nga po ang ipatawag ninyo ako. Pero ang totoo po sir, napakataas pa rin ng presyong ito, at kung tatawad pa ako sa inyo, hindi na po yata maganda. Kaya nga po sir, ipagpatawad ninyong huwag ko nang bilhin.

Tiningnan ng matandang scholar ang lalaki, hindi makapaniwala. Namula nang kaunti ang kaniyang mukha at mariing kinagat pa ang labi sa ibaba, nang para bang ayaw na niyang makipag-usap sa lalaki. Pero nang yumukong mabuti ang mama sa pagpapaalam, umubo ang matandang scholar para ayusin ang boses at nagsabi. "Ibababa ko pa ng sampung piaster ang presyo."

Tumigil ang lalaki at sabi nito: "Opo, sir, magbabayad po ako ng tatlung piaster kung payag kayo... sir."

Namutla ang matandang scholar. Sa kaniyang mga mata, na medyo napadilat, sa likod ng salamin, nakita ko ang galit, ang pagkondena, at ang pagdurusang dumudurog sa kaniyang puso. Masyadong sinugatan ng walang modong pakikiharap ng mababang klaseng lalaking iyon ang kaniyang pride. Nanginginig ang kaniyang kamay nang iunat niya ito para abutin ang isang bahay ng posporo sa tabi. Narinig kong sagot niya, sabay ang malalim na buntong-hininga.

"O, sige, kunin mo na ang mga bulaklak." Sa malapit sa akin, bumulong nang hindi nasisiyahan ang matandang utusan.

"Talagang magnanakaw yan! Talaga namang gusto pa niya ng mga bulaklak na ito.

Noong huling beses nga, pinipilit niyang—nakaluhod pa—na makuha ang bulaklak.

Ngayong may oportunidad na siya, saka siya magmamatigas. Alam niyang hindi papayag ang matandang scholar sa iba pang hihingin niya, kung hindi, tatawad pa siya."

Matapos mailabas ng mamimili ang dalawang paso ng orchids, sumandal sa isang kutson ang matandang scholar, walang kagalaw-galaw na gaya ng isang estatuwa. Tiningnan niya ang isang paldo ng mga papel de bangko sa isang tray ng nganga, saka tumingin sa ibang dako, nasa noo ang mga kamay. Nagbuntunghininga siya nang malalim. Akala ko'y babagsak siya. Buhat sa labas, madaling tumabi sa matandang scholar si Boi-Lan. Tiningnan niya ang matanda, tiningnan ang mga papel de bangko at saka ang lugar na pinagkunan sa dalawang paso ng orchids.

"Sira na ang Tet. Wala nang tamang orchids para sa Tet ang Lolo. Bakit ba ninyo ipinagbili iyon? May biglang kumislap sa mga mata ng matandang scholar." Ang buong nayon ay naghihirap dahil sa sunog. Isa'y nawalan ng ama, ang kabila'y asawa. Naging abo ang mga bahay. Paano mo pa kasisiyahan ang mga bulaklak? Ganyang naghihirap na mabuti ang kapwa, kasisiyahan mo pa ba ang mga bulaklak? Tumindig siya nang makita niya ako.

"A, ikaw nga iyan, Mr. Ngoc. Sige, sumama ka sa akin. Boi-Lan, akin na ang payong at ang baston ko. Huwag ka nang umiyak."

Kumuha ang matandang scholar ng isang panyo, ibinalot doon ang mga papel de bangko at nakatangang mabuti sa kanyang baston, nagtuloy siya sa pintuan.

Sinundan ko siya. Malamig na ang hapon ng iyon. Hindi nga umuulan pero walang tigil sa pagbuga ang malamig na hangin. Makitid na daan ang nilakaran namin hanggang sa dulo ng nayon. At saka ko naintindihan kung bakit niya ipinagbili ang kanyang mga bulaklak. May tatlong araw ang nakaraan, nilamon ng apoy ang isang parte ng nayon. Dalawa ang namatay at apat o limang pamilya ang nawalan ng kanilang tahanan at ariarian.

Sa daan, sabi ng matandang scholar sa akin:

“Kawawang Boi-Lan! Tama ngang umiyak siya. Pero ano pa’ng magagawa ko? Ang matuwa sa mga bulaklak ay isang kasiyahang kumakalma at nagtataas sa kaluluwa, at hindi dapat na maging para sa sarili lamang. Tinuturuan ng relihiyon ng mga bulaklak ang mga tunay na naniniwala na mahal in ang kanilang kapwa. Hindi naman makasarili ang mga bulaklak. Bango, kulay, lahat ay ibinibigay nila sa buong mundo bago sila mamatay. Inilagay ng Lumikha ang malalim na kahulugan ng buhay bilang nakatagong simbolo ng pagkabulaklak ng mga bulaklak. Ang magmahal sa mga bulaklak nang hindi nagmamahal sa kapwa ay totoong terible.”

Yumuko ang matanda para damputin ang isang sangang matinik na nahulog sa daanan. Itinapon niya ito sa tabi at nagpatulog:

“Sa mga araw na ito, dahil sa mga biktima ng sunog, hindi ako makatulog. Pinaghihirap ako ng kanilang masamang kapalaran. Gaya ng alam ninyo, mahirap ang pera sa unang buwan. Saan ako kukuha, nang tama sa oras, ng kailangang pera kung hindi ako magbibili ng dalawang paso ng bulaklak na iyon? Ang magbili ng bulaklak ay nakahihiya. At ang makiharap sa taong nagsasamantala para maipilit ang kanilang gusto sa atin ay lalong nakahihiya. Pero kailangang isuko natin ang ating pride at ipagbili ang mga bulaklak na iyon. Madali sanang itaboy ang mga taong mapagsamantalang ito, pero ang mga biyuda’t mga ulila, ano ang kanilang kakanin? Ang magbili ng dalawang paso ng bulaklak na iyon ay dumudurog sa puso ko, nang para bang namatay ang isang pinakamamahal. Tama namang umiyak si Boi-Lan. Pero paano natin kasisiyahan ang mga bulaklak kung ang mga tao sa paligid natin ay naghihirap.

Madaling lumipas ang mahigit na sampung taon. Ang matandang scholar na si Nguyen ay lumipat na rin sa ibang mundo. Si Boi-Lan man. Ang makalangit na mabangong sangang ito ay nabali sa kalagitnaan ng kaniyang ikalabingwalong spring. At ang matandang utusan, walang duda, ay sumunod sa kaniyang panginoon sa kanilang buhay.


Makaraan ang mahabang pagkawala, sa pagbisita kong muli sa mga dating lugar, hindi ko na malaman kung nasaan ang mga tao noong nagdaang panahon. Nawala na silang lahat, at para bang nagkaisa silang umalis nang sabay-sabay.

Ang lumang kubo na hindi na gaya ng dati ang itsura, ang hardin ng mga bulaklak na natutuyo na ay mahirap nang makilala. Pero bago tuluyang napalitan ang lahat, bago ang lahat ng mga bagay na ito’y sumama na sa nakaraan, may nararamdaman ako sa aking kalooban na nalalabi at hindi mawawala kailanman.

At ang di-mawawalang bagay na ito ang nagtutulak sa akin na huwag matulog sa magdamag para sulatin ang istorya ng dalawang pasong iyon ng orchids sa isang hardin sa nagdaang panahon.

2. Pagpapalawak ng Talasalitaan

Bibigyan ang mga mag-aaral ng limang *flash cards* na may salitang nakasulat at pipili ng pares na mag-aaral upang sagutin ang kahulugan ng salitang nabunot batay sa denotatibo at konotatibong kahulugan ng salita.



3. Kasanayang Panggramatika

Tatalakayin ang parte ng kasanayang panggramatika sa klase.

Ang mga pang-ugnay ay mga salitang nag-uugnay ng isang salita sa kapwa salita, ng parirala sa kapwa parirala, ng sugnay sa kapwa sugnay, at gayundin ang pangungusap.


May mga pang-ugnay na kung saan ay ginagamit upang ipakita ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari. Ito ang nagbibigay ng hudyat sa kung ano ang mauuna o ang simula, ang gitna at ang wakas.

Halimbawa:

una, ikalawa, nang, wakas, at iba pang kauri

4. Pagpapayaman

Itatanong sa klase kung paano nila iuugnay ang paso ng mga bulaklak na binenta ng iskolar sa lalaki sa kalagayan ng lipunang Asyano, partikular sa bansang Pilipinas at Vietnam.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

Pagkatapos iugnay ng klase ang bansang Pilipinas at Vietnam sa paso ng bulaklak, tatanungin naman ang klase tungkol sa mga bahagi ng kuwento na maaaring iugnay sa ilang telenobelang Asyano na napanood ng mag-aaral.

Sitwasyon 1: Ang bahay niya'y isang kubong pawid na itinayo sa gitna ng isang hardin na hindi naman kalakihan, na matatagpuan doon sa gitna ng lugar ng mahihirap. Pero nag-iiwan iyon sa kaluluwa ko ng maraming magaganda't matutulaing alaala dala na rin pati ng hardin.

Sitwasyon 2: Opo, iyan na nga ho... Ang tao nga namang katulad ninyo, na masyadong mahal ang bulaklak, ay hindi kailanman nag-iisip na magbili niyan. Aba, opo, tama lang maganda nga po para sa akin na may gagawin pa kayo agad-agad. Kaya nga po ba *sir*, karangalan ko nga po ang ipatawad ninyo ako. Pero ang totoo po *sir*, napakataas pa rin ng presyong ito, at kung tatawad pa ako sa inyo, hindi na po yata maganda. Kaya nga po, *sir*, ipagpatawad ninyong huwag ko nang bilhin.

5. Pagpapalawig

Hihingi ng paghahatol at pagmamatuwid sa mga mag-aaral batay sa kanilang karanasan tungkol sa ideyang nakapaloob sa akda.

- Paghatol/Pagmamatuwid:

Ang kahulugan ng pagbabalik ng halaman sa buhay sa kuweba ay ang mawalan ng lahat ng dahon.

- Paghatol/Pagmamatuwid:

Ang isang pasong bulaklak na ikaw mismo ang nag-alaga ay hindi puwedeng mabigyan ng presyo.

C. KONGKLUSYON

Babasahin ang huling bahagi ng kuwento sa klase at bibigyan ito ng interpretasyon kung ano ang naging wakas ng kuwento.

“Ang lumang kubo na hindi na gaya ng dati ang itsura, ang hardin ng mga bulaklak na natutuyo na ay mahirap nang makilala. Pero bago tuluyang mapalitan ang lahat, bago ang lahat ng mga bagay na ito’y sumama na sa nakaraan, may nararamdaman ako sa aking kalooban na nalalabi at hindi mawawala kailanman.

Takdang Aralin

Susuriin ng klase ang kuwento batay sa sumusunod na mga elemento:

- Paksa
- Tauhan
- Estilo ng pagkakasulat
- Banghay (Sasabihin sa klase na isulat ang banghay o ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari na ginagamitan ng mga pang-ugnay na naghuhudyat ng pagsusunod-sunod.)

Rubrik sa Pagmamarka (Maaaring baguhin)

1. Kaayusan ng Banghay	40%
2. Angkop na Salitang Ginamit na Pang-ugnay	10%
3. Nilalaman ng Pagsusuri	30%
4. Mekaniks	20%

Kabuuan

100%

Unang Markahan Baitang 9

Supplemental Lesson Plan 2

Mga Akdang Pampanitikan ng Timog Silangang Asya

Aralin 2 – Nobela (Vietnam)

Mga Katulong sa Bahay ni Vei Trong Phung/Isinalin ni Florentino A. Iniego

A. PANIMULA

Ipahahambing sa klase ang kaibahan ng lalawigan sa siyudad.

Itatanong sa mag-aaral kung bakit may mga taga-lalawigan na pangarap makapunta sa siyudad sa Maynila?

B. KATAWAN

1. Kasanayang Pampanitikan

Tatalakayin ang bahagi ng kasanayang pampanitikan sa klase.

Sa isang panitikan may mga tunggaliang nakapaloob sa isang obra. Ang tunggaliang ito ang nagsisilbing “*spice*” upang maging maganda ang takbo ng banghay.

May tunggaliang tao laban sa sarili – ito ang tunggaliang ang kaaway ng pangunahing tauhan at ang kanyang sarili. Halimbawa ng ganitong tunggalian ay ang:

1. Ang pagkakaroon ng tunggalian sa pagkatao (*identity crisis*)
2. Ang pagkakaroon ng tunggalian ng konsiyensiya (*guilt feeling*)
3. Tunggaliang nilalaban ang isang gawain o trabaho

Pamantayang Pangnilalaman:

Ang mag-aaral ay nagpapamalas ng pag-unawa at pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan ng Timog Silangang Asya.

Pamantayan sa Pagganap:

Ang mag-aaral ay nakasasaliksik tungkol sa iba pang nobela ng Timog Silangang Asya.

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Nauuri ang mga tiyak na bahagi sa akda na nagpapakita ng pinakamataas na katotohanan, kabutihan, at kagandahan batay sa napakinggang bahagi ng nobela
2. Nasusuri ang tunggaliang tao laban sa sarili sa binasang nobela

Pagbasa (Isahan):

Ipapabasa ang isang diyalogo sa nobela sa isang mag-aaral. Ang paraan ng pagbasa ay madamdamin.

Mga Katulong sa Bahay

ni Vei Trong Phung

Salin sa Filipino ni Florentino A. Iniego
(Mula sa Vietnam)

Kabanata 6

Ang Liwanag ng Kalunsuran

Nang sumunod na gabi, bumalik ako sa bahay-kainan. Sa oras na ito, sa halip na sabihing umakyat ako sa kuwarto sa itaas na dati kong tinutulugan, binulyawan nila ako. Ako raw ay isang bugaw, at ang matandang babaeng nagdala ng mga katulong ay di na nagbalik upang bayaran ang aking upa sa pagtulog.

Ngunit masuwerte pa nga raw ako ngayo't pinayagang muling matulog dito sa tinatawag nilang lagusan, at pabalik nila ang matandang babae upang magbayad ng upa.

Hindi na ako nakipagtalo sa kanila.

Tumuloy lang akong parang walang narinig. Nakatungo ang ulo at mabilis na dumaan sa kusina at humantong sa patio na tinatawag nilang "lagusan." Buti na lang, hindi ako nag-iisa. Higit sa sampung tao ang naroon. Nakahiga at nakaupo sa banig na nakalatag sa malalapad na tabla habang natataglwan ng liwanag ng buwan. Tila tambakan ng tabla ng mga kahoy ang patio ng bahay-kainang ito.

Walang maaninag na kariktan sa lugar na ito. Makikita sa paligid ang marumi, mataas, manipis na dingding, at bubungang nanlilimahid sa kaitiman. Sa kanang bahagi ay naroon ang kulungan ng manok, sa harap ay ang baradong kanal at ang alingasaw ng di-umaagos nitong pusali; sa kaliwa ay isang kubetang bukas para sa publiko. Nalungkot ako sa liwanag ng buwan.

Nang tumabi ako sa mga taong naroon, nakita ko ang tatlong batang nakasama kong matulog sa kuwarto

3. Nabibigyan ng sariling interpretasyon ang mga pahiwatig na ginamit sa akda
4. Nasusuri ang pinanood na teleseryeng Asyano batay sa itinakdang pamantayan
5. Madamdaming nabibigkas na palitang diyalogo ng napiling bahagi ng binasang nobela
6. Naisusulat ang isang pangyayari na nagpapakita ng tunggaliang tao laban sa sarili
7. Nagagamit ang mga pahayag na ginagamit sa pagbibigay ng opinyon

sa itaas dalawang gabi ang nakalipas. Di man lang mabanaag ang kalungkutan o pag-aalala sa musmos nilang mga mukha. Samantala, napakamiserable ng hitsura ng iba, sa damit pa lang nila’y sapat nang masaksihan ang paghihirap na kanilang dinaranas sa tanang buhay.

May isang kalbong napakaputla ng mukha. Ngunit dahil sa kabataan tila normal siyang pagmasdan, at tingin ko’y kalalabas lang niya ng ospital o bilangguan. Nakaupo siyang dinidilaan ang isang pirasong papel na nababahiran ng itim na sangkap. Noong una’y di ko alam ang kaniyang ginagawa, ‘yun pala hinihimod niya ang tira-tirang opyo. Ang isa nama’y may napakahabang leeg at may nakatapal na tatlo hanggang apat na gamut na plaster dito. Nakaupo siya at nakatingala, tulad ng isang astrologo na nagmamasid sa mga bituin. Ang ikatlong bata ay maingay na nagkakamot, at habang umuupo siya’y umuubo at dumudura. May isang matandang babae na maayos ang kasuotan ngunit walang kibo’t buhaghag ang pagmumukha. Nakaupo siyang hawak ang isang pamaypay na yari sa hiyas na kawayan na ipinapaypay sa mukha ng iba pa na tila kaniyang mga anak. Ang anim pang iba, na nakasuot ng gusgusing damit ng magsasaka, ay mahimbing na natutulog.

Di man lang ako pansinin ng sinuman sa kanila nang mahiga ako sa banig. Sigurado akong wala silang kapera-pera kaya nga’t dito sila nakatulog gayundin, tulad ng kanilang bulsa, wala ring laman ang kanilang tiyan. Samantala, ninais nilang tumigil dito, hindi dahil sa mabait ang may-ari ng bahay, kundi dahil puwede silang makalabas upang mamalimos at makabalik upang bumili ng pagkaing inihanda ng may-ari. At kung mayroon man silang nakulimbat, tiyak nakahanda ring bilhin ito ng may-ari. Hindi dahil sa nais ng may-ari na biglang gawing bahay ng kawanggawa ang kaniyang tahanan.

Sa kanilang hitsura ng pananamit, ang labintatlong ito ay hindi taga-siyudad. Galing sila sa probinsiya dahil wala silang mahanap na trabaho roon upang makakain nang dalawang beses sa isang araw. Sinisilaw at sinusuhulan sila ng siyudad. Nang umalis sila sa probinsiya, hindi nila alam na ito ang kanilang kahihinatnan. Tiwalang makakakita ng trabahong maipagmamalaki nila. Ibinilad ang kanilang mga sarili sa araw at sinuong ang ulan habang namamalimos ng pera o isang takal ng bigas bago makarating sa Hanoi.


Mahal kong mambabasa, isipin mo lang ang Hanoi: kalye bawat kalye. Isipin mo ang isang pagod na magsasakang naliligaw sa pasikot-sikot na siyudad. Bawat kalye’y may bahay, daanan, at eskinitang tila pare-pareho at walang katapusan. Isang magsasaka ang lakad nang lakad, napapagod, at tumitigil. Nagugutom siya ngunit walang makain, dahil wala siyang pera. Nais niyang magpahinga ngunit walang matuluyan, dahil wala siyang pambayad.

Pagod man siya, kailangan niyang sumulong. Magdahan-dahan man, hindi na siya makausad. At sa malas, di siya pinahintulatang tumigil sa siyudad, at kailangan niyang maglakad, pasok nang pasok sa bawat kalye, minsa’y paikot-ikot nang hindi alam kung saan pupunta. Pagdating ng interseksyon, nakakita siya ng kulumpon ng mga tao. Sa tingin niya’y taga-probinsya ang mga ito, tumigil siya. Isang mukhang matalinong matandang babae, na may gintong hikaw, at tila mayaman ang dating, ang kumaway, hudyat upang tumigil ang magsasaka. Malakas ang kanyang boses: “Hoy, saan ka pupunta, pagod na pagod ka? Gusto mo ba ng trabaho? Halika, dali!”

Natuwa ang magsasaka dahil nakasalubong siya ng isang taga-siyudad na handang makipag-usap. Ngunit para saan? Naawang binanggit ng babae na tutulungan siyang makahanap ng trabaho! Kaya, sa loob ng ilang araw, mayroon siyang makakain habang tumitigil sa pinto ng isang bahay-kainan o sa tabi ng isang sinehan. Kung tutuusin, ganito ang istorya ng lahat ng mga magsasaka. Ilang interseksiyon mayroon ang siyudad? Ilang trabaho ang nakalaan para sa sawing nilalang na nagnanais pumasok sa kalakal ng mga kasambahay? Ilang bilang ng ganitong trahedyang nagaganap bawat araw sa siyudad?

Ang labintatlong nilalang na ito ay katulad ng mga gamugamong nasilaw sa liwanag ng kalunsuran.

Pinatuloy sila ng tiwalang may-ari ng bahay-kainan sa isang sulok ng kaniyang tirahan. Sa araw, naroon sila't nakahambalang sa kalsada. Habang naghihintay ng trabaho, unti-unti nilang ginagastos ang kanilang naitatabing pera. Kapag walang natira at wala pa ring trabaho, at walang madilihensiya, kinakailangan na nilang itaya ang kanilang buhay. Ang mga babae ay nasadlak sa pagbebenta ng laman at ang lalaki'y nakagagawa ng krimen. At ngayon, bago pa lumala ang kalagayan, sila'y nakahimlay at tahimik na naghihintay sa unos na darating.



Mahal kong mambabasa, isipin mo ang Hanoi: kalye bawat kalye. Isipin mo ang isang pagod na magsasakang naliligaw sa pasikot-sikot na siyudad. Bawat kalye'y may bahay, daanan, at eskinitang tila pare-pareho at walang katapusan. Isang magsasaka ang lakad nang lakad, napapagod, at tumitigil. Nagugutom siya ngunit walang makain, dahil wala siyang pera. Nais niyang magpahinga ngunit walang matuluyan, dahil wala siyang pambayad.

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

Kung wala silang mahanap na kahit anong trabaho, hindi ito kasalanan ng langit, o ikaw, mahal na mambabasa, o ako sa katunayan, sinuman ay hindi dapat sisihin! Bakit kailangan pang umupa ng kasambahay ng mga tao?

2. Pagpapalawak ng Talasalitaan

Magbibigay ng mga pahiwatig galing sa nobela at ito ay bibigyan ng kahulugan ng klase batay sa kanilang pang-unawa sa binasang akda.

1. Hindi na ako nakipagtalo sa kanila.
2. Buti na lamang hindi ako nag-iisa.
3. Nalungkot ako sa liwanag ng buwan.
4. Kapiling nila ang mag pusali na may alingasaw ng ipot ng manok at tae ng tao.
5. Isang gabing tinatanglawan ng liwanag ng buwan ng kalangitan.

3. Kasanayang Panggramatika

Tatalakayin ang parte ng kasanayang panggramatika sa klase.


Sa pagbibigay ng opinyon ng mga tao, gumagamit siya ng mga pahayag tulad ng sa tingin ko, akala ko, ipinahahayag ko, palagay ko, sa opinyon ko, at iba pang katulad upang iparating ang kanyang pagbibigay ng opinyon.

Halimbawa:

Maraming nasisilaw sa liwanag ng kalunsuran, siguro dahil literal na maliwanag tuwing gabi. Sa aking opinyon, hindi naman masamang makarating o mangarap makapunta sa kalunsuran basta tiyakin lamang ang patutunguhan.

4. Pagpapayaman

Pasasagutan ang *graphic organizer* na nagpapakita ng katotohanan, kabutihan, at kagandahan na napakinggan sa nobela. Magdidikit ng larawan kaugnay nito ang mga mag-aaral.



Tatalakayin ang tunggaliang naganap sa sarili ng mga tauhan sa nobela. Isusulat ang mga tunggaliang nakapaloob sa nobela batay sa pahiwatig na binigyan ng kahulugan sa Pagpapalawak ng Talasalitaan.

Tauhan	1. _____ 2. _____ 3. _____
Tunggalian sa sarili	
1. _____ 2. _____ 3. _____	Tauhan

5. Pagpapalawig

Itatanong sa mag-aaral ang iniwang diyologo ng tauhan sa mambabasa. Ihahayag ng klase ang kanilang opinyon ukol dito sa pamamagitan ng mga pahayag na ginagamit sa pagbibigay ng opinyon.

Bakit kailangan pang umupa ng kasambahay ng mga tao?

C. KONGKLUSYON

Magtatanong tungkol sa opinyon ng mga mag-aaral tungkol sa mga kasambahay na minamaltrato ng amo. Ano ang kanilang magagawa ukol rito batay na rin sa batas ng kasambahay?

Takdang Aralin

Sasabihin sa mga mag-aaral na magsaliksik ng isang nobela o telenobelang Asyano na nagpapakita ng hawig na sitwasyon. Suriin ito batay sa tunggalian ng tao laban sa sarili.

Rubrik sa Pagmamarka (Maaaring baguhin)

1.	Kaayusan ng Pagsusuri	40%
2.	Angkop na Salitang Ginamit	10%
3.	Nilalaman ng Pagsusuri	30%
4.	Mekaniks	20%

	Kabuuan	100%
--	---------	------

Unang Markahan Baitang 9

Supplemental Lesson Plan 3


Mga Akdang Pampanitikan ng Timog Silangang Asya

Aralin 3 – Tula (Pilipinas)

Liham ni Pinay Mula sa Brunei ni Ruth Elynia S. Mabanglo

A. PANIMULA

Tatanungin kung ano-ano ang tungkulin ng isang babae sa bawat parte na itinuturo ng *arrow*.



B. KATAWAN

1. Kasanayang Pampanitikan

Tatalakayin ang mga paraan ng pagbigkas ng isang tula isahan man o sabayan. Ipapapanood ang mga *YouTube video* sa mga mag-aaral at bibigyan nila ito ng pagsusuri.

www.youtube.com/watch?v=T1iaRJhjY3Y

Pamantayang Pangnilalaman:

Ang mag-aaral ay nagpapamalas ng pag-unawa at pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan ng Timog Silangang Asya.

Pamantayan sa Pagganap:

Ang mag-aaral ay nakasusulat ng ilang taludtod tungkol sa pagpapahalaga sa pagiging mamamayan ng bansang Asya.

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Naiuugnay ang sariling damdamin sa damdaming inihayag sa napakinggang tula
2. Nailalahad ang sariling pananaw at naihahambing ito sa pananaw ng iba tungkol sa pagkakaiba-iba o pagkakatulad ng paksa sa mga tulang Asyano

www.youtube.com/watch?v=XndRs1-41jE
www.youtube.com/watch?v=r2euFKa1eGU

Pagbasa (Isahan)

Ipapabasa ang mga tula sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng *jigsaw reading*.

Mula sa *excerpt* ng tulang Liham ni Pinay mula sa Brunei ni Ruth Elynia S. Mabanglo

Liham ni Pinay mula sa Brunei

Ruth Elynia S. Mabanglo

Ako’y guro, asawa at ina
Isang babae – pupol ng pabango, pulbos at seda,
Kaulayaw ng batya, kaldero at kama.
Napagod yata ako’t nanghinawa.
Nagsikap mangibang-lupa.

Iyo’t iyon din ang lalaking umuupo sa kabisera,
Nagbabasa ng diyaryo uma-umaga.
Naghihintay siya ng kape
At naninigarilyo,
Habang kagkag ako sa pagitan ng kuna at libro,
Nagpapahid ng lipstick at nagpapatulo ng gripo.
Hindi siya nag-aangat ng mukha
Umaaso man ang kawali o umiingit ang bata.
Hinahatdan ko siya ng brief at tuwalya sa banyo,
Inaaliw kung mainit ang ulo.
Wala siyang paliwanag

Kung bakit hindi siya umuwi magdamag,
Ngunit kunot na kunot ang kanyang noo
Kapag umaalis ako ng Linggo.
Ayaw niya ng galunggong at saluyot
Kahit pipis ang sobreng inabot,
Ibig pa yatang maghimala ako ng ulam
Kahit ang pangrenta’y laging kulang.

3. Natutukoy at naipaliliwanag ang magkaka-singkahulugang pahayag sa ilang taludturan
4. Nasusuri mula sa *YouTube* ang ilang halimbawa ng pagbigkas ng tula isahan man o sabayan
5. Nabibigkas nang maayos at may damdamin ang isinulat na sariling taludturan
6. Naipahahayag ang sariling emosyon/ damdamin sa iba’t ibang paraan at pahayag
7. Nasasaliksik sa Internet ang ilang halimbawang tala sa Timog Silangang Asya

Ako’y guro, asawa at ina.
Isang babae—napapagal sa pagiging babae.
Itinakda ng kabahaging
Masumpa sa walis, labada’t oyayi
Kahit may propesyo’t kumikita ng salapi.
Iyo’t iyon din ang ruta ng araw-araw—
Kabagutang nakalatag sa kahabaan
Ng bahay at paaralan,
Ng kusina’t higaan.


May karapatan ba akong magmukmok?
Saan ako tatakbo kung ako’y malungkot?
May beerhouse at massage parlor na tambayan
Ang kabiyak kong nag-aasam,
Nasa bintana ako’t maghihintay.
Nagbabaga ang katawan ko sa paghahanap,
May krus and dila ko’t di makapangusap.
Humihingi ng tinapay ang mga anak ko,
Itinotodo ko ang bolyum ng radyo.
Napagod yata ako’t nanghinawa,
Nagsikap mangibang-lupa.

Noon ako nanaginip na nakapantalón,
Nagpapadala ng dolyar at pasalubong.
Nakakahinga na ako ngayon nang maluwa,
Walang susi ang bibig, ang isip ay bukas.
Aaminin kong ako’y nangungulila
Ngunit sariling kape ko na ang tinitimpla.
Nag-aabang ako ng sulat sa tarangkaha’t pinto,
Sa telepono’y nabubusog ang puso,
Umiiyak ako noong una,
Nagagamot pala ang lahat sa pagbabasa.


Ito lamang ang sagot,
Bayaang lalaki ang maglaba ng kumot.

2. Pagpapalawak ng Talasalitaan

lisa-isahin ang mga pahayag sa taludturan/saknong ng tula na magkakasingkahulugan at bibigyan ito ng paliwanag ng mga mag-aaral.



Ako’y guro, asawa, at ina
Isang babae-pupol ng pabango,
pulbos at seda
Kaulayaw ng batya, kaldero at kama
Napagod yata ako’t nanghinawa.
Nagsikap mangibang-lupa



Ako’y guro, asawa, at ina
Isang babae-napapagal sa pagiging babae
Itinakda ng kabahaging
Masumpa sa walis, labada’t oyayi
Kahit may propesyo’t kumikita ng salapi
Iyo’t iyon din ang ruta ng araw-araw
Kabagutang nakalatag sa kahabaan
Ng bahay at paaralan, ng kusina’t higaan

3. **Kasanayang Panggramatika**

Tatalakayin ang emosyon/damdamin sa pagbigkas ng tula. Ipaliliwanag ang *mood* ng mambibigkas gayundin ang *mood* ng mismong makata habang ito ay isinusulat.

4. **Pagpapayaman**

Ipasasagot sa mga mag-aaral ang sumusunod na mga tanong:

1. Sino ang nagsasalita/persona sa tula?
2. Ano ang hinaing ng isang babaeng nasa tula?

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!


3. Anong damdamin ang namamayani sa iyo habang binabasa at pinakikingan ang tula?
4. Bakit ganoon ang tingin o imahe ng babae sa lipunan?
5. Paano magkakaroon ng ibang imahe ang babae sa lipunan ng mga Asyano? Ano ang kadalasang hakbang na ginagawa sa kasalukuyan?

5. Pagpapalawig

Mula sa tulang tinalakay sa klase, magpapasulat sa mag-aaral ng ilang taludtod tungkol sa pagpapahalaga sa pagiging mamamayan ng isang babae sa bansang Asya. Bibigkasin ito sa harap ng klase nang maayos at may damdamin.

C. KONGKLUSYON

Ipasusuri ang mga larawan ng kababaihan at ilalarawan nila ang papel ng kababaihan sa lipunan ng Pilipinas.



Takdang Aralin

Magpapasaliksik sa Internet ng ilang halimbawa ng tula sa Timog Silangang Asya at ilalahad ng mga mag-aaral ang sariling pananaw at ihahambing ito tungkol sa pagkakaiba-iba o pagkakatulad ng paksa sa mga tulang Asyano.

Unang Markahan Baitang 9

Supplemental Lesson Plan 4

Mga Akdang Pampanitikan ng Timog Silangang Asya

Aralin 4 – Sanaysay (Indonesia)

Kay Estella Zeehandelaar

Salin ni Ruth Elynia S. Mabanglo

(Mula sa mga Liham ng Isang Prinsesang Javanese)

A. PANIMULA

Sasabihin sa mga mag-aaral na magbigay ng katangian ng isang tradisyonal na babae at modernong babae. Ihanay ito sa talahanayan.

Tradisyonal na Babae	Modernong Babae

B. KATAWAN

1. Kasanayang Pampanitikan

Tatalakayin ang konsepto ng sanaysay sa klase.

Ang sanaysay ay isang *genre* ng panitikan na naglalahad ng isang paksa. Maaaring ang paraan ng paglalahad ay sa pamamagitan ng pormal o di pormal na tono. Ito ay kadalasang sinasabi ring mga sulatin na kadalasang pinasusulat sa mga mag-aaral sa bawat markahan.

Kailangang magtaglay ito ng kalinawan, kaisahan, at kaayusan upang maging epektibo ang isang sanaysay. Kadalasang ito ay naghahayag ng iba't ibang opinyon ukol sa mga natatanging isyu.

Pamantayang Pangnilalaman:

Ang mag-aaral ay nagpapamalas ng pag-unawa at pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan ng Timog Silangang Asya.

Pamantayan sa Pagganap:

Ang mag-aaral ay nakasusulat ng sariling opinyon tungkol sa mga dapat o hindi dapat taglayin ng kabataang Asyano.

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Nasusuri ang sariling ideya at ideya ng iba kapag nakikita ang sarili sa katauhan ng nagsasalita
2. Nasusuri ang padron ng pag-iisip (*thinking pattern*) sa mga ideya at opinyong

Pagbasa (Isahan)

Ipapabasa nang tahimik ang sanaysay sa mga mag-aaral.

KAY ESTELLA ZEEHANDELAAR
Salin ni Ruth Elynia S. Mabanglo
Mula sa Mga Liham ng Isang Prinsesang Javanese

Japara, Mayo 25, 1899

Ibig na ibig kong makilala ng isang “babaeng moderno” iyong babaeng malaya, nakapagmamalaki’t makaaakit ng aking loob! Iyong masaya, may tiwala sa sarili, masigla’t maagap na hinaharap ang buhay, puno ng tuwa at sigasig, pinagsisikapan hindi lamang ang sariling kapakanan at kundi maging ang kabutihan ng buong sangkatauhan.

Buong kasabikan kong sinasalubong ang pagdating ng bagong panahon; totoong sa puso’t isip ko’y hindi ako nabibilang sa daigdig ng mga Indian, kundi sa piling ng aking mga puting kapatid na babae na tumatanaw sa malayong kanluran.

Kung pahihintulutan lamang ng mga batas ng aking bayan, wala akong ibig gawin kundi ang ipagkaloob ang sarili sa mga nagtatrabaho’t nagsisikap na bagong kababaihan ng Europe; subalit nakatali ako sa mga lumang tradisyong hindi maaaring suwayin. Balang araw, maaaring lumuwag ang tali at kami’y pawalan, ngunit lubhang malayo pa ang panahong iyon. Alam ko, maaaring dumating iyon, ngunit baka pagkatapos pa ng tatlo o apat na henerasyon. Alam mo ba kung paano mahalín ang bago at batang panahong ito nang buong puso’t kaluluwa kahit nakatali sa lahat ng batas, kaugalian at kumbensyon ng sariling bayan? Tuwirang sumasalungat sa kaunlarang hinahangad ko para sa aking mga kababayan ang lahat ng mga institusyon namin. Wala akong iniisip gabi’t araw kundi ang makagawa ng paraang malabanan ang mga lumang tradisyon namin. Alam kong para sa aking sarili’y magagawa kong iwasan o putulin ang mga ito, kaya lamang ay may mga buklod na matibay pa sa alinmang lumang tradisyon na pumipigil sa akin; at ito ang pagmamahal na inuukol ko sa mga pinagkakautangan ko ng buhay, mga

inilahad sa binasang sanaysay

3. Naipaliliwanag ang salitang may higit sa isang kahulugan
4. Nakikilahok sa isinasagawang debate o kauri nito
5. Nagagamit ang mga pang-ugnay sa pagpapahayag ng sariling pananaw

Sanggunian:

Castillo, Ma.
Cleofas et al.
2002. *Hamaka IV*.
Manila: Innovative Educational Materials, Inc.

taong nararapat kong pasalamatan sa lahat ng bagay. May karapatan ba akong wasakin ang puso ng mga taong walang naibigay sa akin kundi pagmamahal at kabutihan, mga taong nag-alaga sa akin nang buong pagsuyo?

Ngunit hindi lamang tinig nito ang umaabot sa akin; ang malayo, marikit at bagong-silang na Europe ay nagtutulak sa aking maghangad ng mga pagbabago sa kasalukuyang kalagayan. Kahit noong musmos pa ako’y may pang-akit na sa aking pandinig ang salitang “emansipasyon;” may isang naiibang kabuluhan ito, isang kahulugang hindi maaabot ng aking pang-unawa. Gumigising ito sa akin para hangarin ang pagsasarili at kalayaan – isang paghahangad na makatayong mag-isa. Ang puso ko’y sinusugatan ng mga kondisyong nakapaligid sa akin at sa iba, buong lungkot na pinag-aalab ang mithiin kong magising ang aking bayan.

Patuloy na lumapit ang mga tinig na galing sa malayong lupain, umaabot sa akin, at sa kasiyahan ng ilang nagmamahal sa akin at sa kalungkutan ng iba, dala nito ang binhing sumupling sa aking puso, nag-ugat, sumibol hanggang sa lumakas at sumigla.

Ngayo’y kailangang sabihin ko ang ilang bagay ukol sa sarili upang magkakilala tayo.

Panganay ako sa tatlong babaeng anak ng Regent ng Japara. Ako’y may anim na kapatid na lalaki at babae. Ang lolo kong si Pangeran Ario Tjondronegoro ng Demak ay isang kilalang lider ng kilusang progresibo noong kapanahunan niya. Siya rin ang kauna-unahang Regent ng gitnang Java na nagbukas ng pinto para sa mga panauhin mula sa ibayong dagat – ang sibilisasyong Kanluran. Lahat ng mga anak niya’y may edukasyong European, at halos lahat ng iyon (na ang ilan ay patay na ngayon) ay umiibig o umibig sa kanlurang minana sa kanilang ama; at nagdulot naman ito sa mga anak nila ng uri ng pagpapalaking nagsinan nila mismo. Karamihan sa mga pinsan ko’t nakatatandang kapatid na lalaki ay nag-aral sa Hoogere-Burger School, ang pinakamataas na institusyon ng karunungan matatagpuan dito sa India. Ang bunso sa tatlong nakatatandang kapatid kong lalaki’y tatlong taon na ngayong nag-aaral sa Netherlands, at naglilingkod din naman doon bilang sundalo ang dalawa pa. Samantala, kaming mga babae’y bahagya nang magkaroon ng pagkakataong makapag-aral dahil na rin sa kahigpitan ng aming lumang tradisyon at kumbensyon. Labag sa aming kaugaliang pag-aralin ang mga babae, lalo’t kailangang lumabas ng bahay araw-araw para pumasok sa eskuwela. Ipinagbabawal ng aming kaugalian na lumabas man lamang ng bahay ang babae. Hindi kami pinapayagang pumunta saan man, liban lamang kung sa paaralan, at ang tanging lugar na pagtuturong maipagmamalaki ng siyudad namin na bukas sa mga babae ay ang libreng *grammar school* ng mga European.

Nang tumuntong ako ng ikalabindalawang taong gulang, ako ay itinali sa bahay – kinailangang “ikahon” ako. Ikinulong ako at pinagbawalang makipag-uganayan sa mundong nasa labas ng bahay, ang mundong hindi ko na makikita marahil liban kung kasama ko na ang mapapangasawang estranghero, isang di-kilalang lalaking pinili ng mga magulang ko, ang lalaking ipinagkasundo sa akin nang di ko namamalayan. Noong bandang huli, nalaman kong tinangka ng mga kaibigan kong European na mabago ang pasyang ito ng mga magulang ko para sa akin, isang musmos pa na nagmamahal sa buhay, subalit wala silang nagawa. Hindi nahikayat ang mga magulang ko; nakulong ako nang tuluyan. Apat na mahahabang taon ang tinagal ko sa pagitan ng makapal na pader, at hindi ko nasilayan minsan man ang mundong nasa labas.

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

Hindi ko alam kung paano ko pinalipas ang mga oras. Ang tanging kaligayahang naiwan sa aki'y pagbabasa ng mga librong Dutch at ang pakikipagsulatan sa mga kaibigang Dutch na hindi naman ipinagbawal. Ito – ito lamang ang nag-iisang liwanag na nagpakulay sa hungkag at kainip-inip na panahong iyon, na kung inalis pa sa akin ay lalo nang naging kaawa-awa ang kalagayan ko. Lalo sigurong nawalan ng kabuluhan ang buhay ko't kaluluwa. Subalit dumating ang kaibigan ko't tagapagligtas – ang Diwa ng panahon; umalingawngaw sa lahat ng dako ang mga yabag niya. Nayanig sa paglapit niya ang palalo't matatag na balangkas ng mga lumang tradisyon. Nabuksan ang mga pintong mahigpit na nakasara, kusa ang iba, ang iba nama'y pilit at bahagya lamang ngunit bumukas pa rin at pinapasok ang mga di-inanyayahang panauhin.

Sa wakas, nakita kong muli ang mundo sa labas nang ako'y maglabing-anim na taon. Salamat sa Diyos! Malalabasan ko ang aking kulungan nang malaya at hindi nakatali sa isang kung sinong *bridegroom*. At mabilis pang sumunod ang mga pangyayaring nagpabalik sa aming mga babae ng mga nawala naming kalayaan.

Nang sumunod na taon, sa oras ng pagtatalaga sa poder ng bata pang Prinsesa (bilang Reyna Wilhemina ng Netherland), "opisyal" na inihandog sa amin ng mga magulang namin ang aming kalayaan. Sa kauna-unahang pagkakataon sa aming buhay, pinayagan kaming umalis sa bayan namin at pumunta sa siyudad na pinagdarausan ng pagdiriwang para sa okasyong iyon. Anong dakila tagumpay iyon! Ang maipakita ng mga kabataang babaeng tulad namin ang sarili sa labas, na imposibleng mangyari noon. Nasindak ang "mundo," naging usap-usapan ang "krimeng" iyon na dito'y wala pang nakagagawa. Nagsaya ang aming mga kaibigang European, at para naman sa amin, walang reynang yayaman pa sa amin. Subalit hindi pa ako nasisiyahan. Lagi, ibig kong makarating sa malayo, mas malayo. Wala akong hangaring makapamista, o malibang. Hindi iyon ang dahilan ng paghangad kong magkaroon ng kalayaan. Ibig kong malaya upang makatayo ng mag-isa, mag-aral, hindi para mapailalim sa sinuman, at higit sa lahat, hindi para pag-asawahin nang sapilitan.


Ngunit dapat tayong mag-asawa, dapat, dapat. Ang hindi pag-aasawa ang pinakamalaking kasalanang magagawa ng isang babaeng Muslim; ito ang pinakamalaking maipagkakaloob ng isang katutubong babae sa kanyang pamilya.

At ang pag-aasawa para sa amin – mababaw pa ngang ekspresyon ang sabihing miserable. At paano nga ba hindi magkakaganoon, kung tila ginawa lamang para sa lalaki ang mga batas, kung pabor para sa lalaki at hindi para sa babae ang batas at kumbensyon; kung ang lahat ng kaluwaga'y para sa kanya lang?

Pag-ibig! Anong nalalaman namin dito ukol sa pag-ibig? Paano namin maiibigan ang isang lalaking hindi namin kailanman nakilala? At paano nila kami iibigin? Hindi yata maaaring mangyari iyon. Mahigpit na pinaghihiwalay ang mga kabataang babae at lalaki, at kailanma'y hindi pinapayagang magkakilala.

2. Pagpapalawak ng Talasalitaan

Pasasagutan sa mag-aaral ang *web map* upang maipaliwanag ang salitang nakasulat sa gitna ng kahon.



3. Kasanayang Panggramatika

Tatalakayin ang mga pang-ugnay na ginagamit sa pagpapahayag ng sariling pananaw.

Ipababasa ang mga pahayag sa ibaba at susuriin ang mga pahayag (na nakasulat ng pula) kung paano ito nagagamit bilang pagpapahayag sa sariling pananaw.

1. Balang araw maaaring lumuwag ang tali at kami'y pawalan, ngunit lubhang malayo pa ang panahong iyon. Alam ko, maaaring dumating iyon, ngunit baka pagkatapos pa ng tatlo o apat na henerasyon.
2. Palagay ko masuwerte ang mga babaeng Pilipina kaysa sa mga babaeng Indonesian dahil nakakamit nila ang kalayaan sa pagpili ng makakatuwang sa buhay.
3. Sa aking opinyon, ang pag-ibig ay hindi dapat ipinagkakasundo, ito ay kusang umuusbong sa bawat puso ng indibiduwal.

4. Pagpapayaman

Ipasusuri ang mga pahayag na nasa loob ng kahon mula sa teksto batay sa:

- a. sariling ideya/padron ng pag-iisip (*thinking pattern*)
- b. ideya ng iba kapag nakikita ang sarili sa katauhan ng nagsasalita

**Liham
ng Isang
Prinsesang
Javanese**

Ibig na ibig kong makakilala ng isang “babaeng moderno” iyong babaeng malaya, nakapagmamalaki’t makaakit ng aking loob! Iyong masaya, may tiwala sa sarili, masigla’t maagap na hinaharap ang buhay, puno ng tuwa at sigasig, pinagsisikapan hindi lamang ang sariling kapakanan kundi maging ang kabutihan ng buong sangkatauhan.

At ang pag-aasawa para sa amin–mababaw pa ngang ekspresyon ang sabihing miserable. At paano nga ba hindi magkakanoon, kung tila ginawa lamang para sa lalaki ang mga batas, kung pabor para sa lalaki at hindi para sa babae ang batas at kumbensyon; kung ang lahat ng kaluwaga’y para sa kanya lang?

Ngunit dapat tayong mag-asawa, dapat, dapat. Ang hindi pag-aasawa ang pinakamalaking kasalanang magagawa ng isang babaeng Muslim; ito ang pinakamalaking maipagkakaloob ng isang katutubong babae sa kanyang pamilya.

Pag-ibig! Anong nalalaman namin dito ukol sa pag-ibig? Paano namin maiibigan ang isang lalaking hindi namin kailanman nakilala? At paano nila kami iibigin? Hindi yata maaaring mangyari iyon. Mahigpit na pinaghihiwalay ang mga kabataang babae at lalaki, at kailanma’y hindi pinapayagang magkakilala.

5. Pagpapalawig

Magpapanood sa klase ng isang halimbawa ng debate (Y Speak).

Ipasusuri ang paraan ng pagpapahayag ng mga ideya at opinyon sa napanood na debate o kauri nito.

C. KONGKLUSYON

Magsasagawa ng debate ang klase tungkol sa lakas ng kababaihan sa lipunan at ang kanilang halaga sa lipunan laban sa lakas ng kalalakihan sa lipunan at halaga nito.

Takdang Aralin

Magtala ng mga katangiang dapat taglayin at di dapat taglayin ng isang kabataang Asyano sa talahanayan.

Dapat Taglayin ng Kabataang Asyano	Di-dapat Taglayin ng Kabataang Asyano

Gumawa ng isang sanaysay ukol sa mga talang naisulat sa talahanayan.

Unang Markahan Baitang 9

Supplemental Lesson Plan 5

Mga Akdang Pampanitikan ng Timog Silangang Asya

Aralin 5 – Dula (Pilipinas)

Tiyo Simon

A. PANIMULA

Tatanungin ang klase kung sinong tao ang nakakaimpluwensiya sa kanilang mga pananaw sa buhay. Paano ito nakakaimpluwensiya sa kanila?

B. KATAWAN

1. Kasanayang Pampanitikan

Ipaliliwanag ang konsepto ng dula at karakterisasyon nito. Paano nakakaapekto ang mga diyalogo upang lumitaw ang sining ng isang akda?

Pagbasa (Madulang pagbasa)

Tiyo Simon

ni N.P.S. Toribio

Mga Tauhan:

Tiyo Simon – isang taong nasa katanghalian ang gulang, may kapansanan ang isang paa at may mga paniniwala sa buhay na hindi maunawaan ng kaniyang hipag na relihiyosa

Ina – ina ni Boy

Boy – pamangkin ni Tiyo Simon pipituhing taong gulang

Oras: Umaga, halos hindi sumisikat ang araw

Tagpo: Sa loob ng silid ni Boy, makikita ang isang tokador na kinapapatungan ng mga langis at pomada sa buhok, toriko, suklay at iba pang gamit sa pag-aayos. Sa itaas ng tokador, nakadikit sa dingding ang isang malaking larawan ng Birheng nakalabas ang puso

Pamantayang Pangnilalaman:

Ang mag-aaral ay nagpapamalas ng pag-unawa at pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan ng Timog Silangang Asya.

Pamantayan sa Pagganap:

Ang mag-aaral ay nabibigkas nang may paglalapat sa sariling katauhan ang ilang diyalogo ng napiling tauhan sa binasang dula.

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Nabubuo ang kritikal na paghusga sa karakterisasyon ng mga tauhan at epekto nito sa pagiging masining ng akda batay sa napakinggang mga pahayag

at may tarak itong punyal. Sa tabi ng nakabukas na bintana sa gawing kanan ay ang katreng higaan ng bata. Sa kabuuan, ang silid ay larawan ng kariwasan.

Sa pagtaas ng tabing, makikita si Boy na binibihisan ng kaniyang ina. Nakabakas sa mukha ng bata ang pagkainip samantalang sinusuklay ang kaniyang buhok.

(Biglang uunat ang babae, saglit na sisipatin ang ayos ng anak saka ngingiti.)

Ina: O, hayan, di nagmukha kang tao. Siya diyan ka muna at ako naman ang magbibihis.

Boy: (Dadabog) Sabi ko, ayaw kong magsimba, e!

Ina: Ayaw mong magsimba? Hindi maa... Pagagalitin mo na naman ako, e! At anong gagawin mo rito sa bahay ngayong umagang ito ng pangiling-araw?

Boy: Maiiwan po ako rito sa bahay, kasama ko si... si Tiyo Simon...

Ina: (Mapapamulaga) A, ang ateistang iyon. Ang... Patawarin ako ng Diyos.

Boy: Basta. Maiiwan po ako... (Ipapadyak ang paa) Makikipagkuwentuhan na lamang ako kay Tiyo Simon...

Ina: (Sa malakas na tinig) Makikipagkuwentuhan ka? At anong kuwento? Tungkol sa kalapastanganan sa banal na pangalan ng Panginoon?

Boy: Hindi, Mama. Maganda ang ikinukuwento ni Tiyo Simon sa akin...

Ina: A, husto ka na... Husto na, bago ako magalit nang totohanan at humarap sa Panginoon ngayong araw na ito nang may dumi sa kalooban.

Boy: Pero...

Ina: Husto na sabi, e!

(Matigil sa pagsagot si Boy. Makaririnig sila ng mga yabag na hindi pantay, palapit sa nakapinid na pinto ng silid.

2. Nailalapat sa sarili, bilang isang Asyano, ang pangunahing kaisipan ng dulang binasa
3. Naipaliliwanag ang kahulugan ng salita habang nababago ang estruktura nito.
4. Napapahalagahan ang napanood na dula sa pamamagitan ng pagpili at pagpapaliwanag ng bahaging naibigan
5. Nasusuri ang pagiging makatotohanan ng ilang pangyayari sa isang dula
6. Nagagamit ang mga ekspresyong nagpapahayag ng katotohanan

Sanggunian:

<http://www.slideshare.net/daniholic/tiyo-simon>

Saglit na titigil ang yabag; pagkuwa'y makaririnig sila ng mahinang pagkatok sa pinto.)

Ina: (Paungol) Uh... sino yan?

Tiyo Simon:(Marahan ang tinig) Ako, hipag, naulinigan kong...

(Padabog na tutunguhin ng babae ang pinto at bubuksan iyon. Mahahantad ang kaanyuan ni Tiyo Simon, nakangiti ito.)

Tiyo Simon:Maaari bang pumasok? Naulinigan kong tila may itinututol si Boy...

Boy: (Lalapit) Ayaw kong magsimba, Tiyo Simon. Maiiwan ako sa iyo rito. Hindi ako sasama kay Mama.

Ina: (Paismid) Iyan ang itinututol ng pamangkin mo, Kuya. Hindi nga raw sasama sa simbahan...

(Mailing si Tiyo Simon, ngingiti at paika-ikang papasok sa loob. Hahawakan sa balikat si Boy.)

2. Pagpapalawak ng Talasalitaan

Ipasasagot sa klase ang kahulugan ng tatlong salita batay sa pagkakaiba ng estruktura nito.



3. **Kasanayang Panggramatika**

Tatalakayin ang mga ekspresyong nagpapahayag ng katotohanan. Susuriin ang mga pahayag sa ibaba upang ito ay mabigyan ng kahulugan.

1. Talagang hindi naniniwala ang ateista sa Diyos.
2. Tunay na mahirap maipaliwanag ang konsepto ng pananampalataya.
3. Sa totoo lamang, ang isang taong walang Diyos ay tinatawag na ateista.

4. **Pagpapayaman**

Bibigyan ng karakterisasyon ng mga mag-aaral ang diyalogo ng ina at anak at ipaliliwanag kung paano ito nakatulong upang mapalitaw ang kasiningan nito.

Tatanungin sa klase kung paano naging makatotohanan ang ilang mga diyalogong nabanggit sa tunay na buhay.

5. **Pagpapalawig**

Ipasasagot ang tanong na: Marami bang Asyano ang maraming katanungan tungkol sa kanilang pananampalataya?

C. **KONGKLUSYON**

Sasagutin ang tanong na: Marami bang Tiyo Simon na naglipana sa Pilipinas? Ano ang implikasyon nito sa bansa?

Takdang Aralin

Panoorin ang isang bahagi o eksena ng "The Legal Wife" at pumili ng isang bahagi o diyalogong naibigan. Suriin ang katotohanang nababalot sa eksena. Ipaliwanag ito sa pamamagitan ng paggamit ng mga ekspresyong nagpapahayag ng katotohanan.

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!